# KAPASIYAHAN BLG. 2025-89

**"NAGPAPATIBAY SA KAPASIYAHAN BLG. 5, S-2024 NG SANGGUNIANG KABATAAN NG CAMACHILIHAN, BUSTOS, BULACAN NA NAUUKOL SA *ANNUAL BARANGAY YOUTH INVESTMENT PROGRAM* (ABYIP) PARA SA TAONG 2025 NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG MILYON, DALAWANG DAAN LIMAMPU'T ANIM NA LIBO AT DALAWANG DAANG PISO (₱1,256,200.00)."**

---

*Sa Pagtataguyod ni:*

**Igg. Aljhaneal E. Quiñones**

*Tagapangulo*
**Lupon sa Pananalapi, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan**

---

**SAPAGKA'T,** isinasaad sa Batas Republika Bilang 10742 o Sangguniang Kabataan Reform Act 2015 na ang sampung porsyento (10%) ng pangkalahatang pondo ng barangay ay dapat ilaan para sa Sangguniang Kabataan;

**SAPAGKA'T**, isinasaad sa Batas Republika Bilang 10742 o Sangguniang Kabataan Reform Act 2015 na ang Sangguniang Kabataan ay nararapat lamang na magbalangkas at magpatibay ng isang taon na plano ng kanilang proyekto, programa, at mga aktibidad;

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kapasiyahan ng Barangay Camachilihan ay walang nilalabag na batas o Kapasiyahang Pambayan.

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. ALJHANEAL E. QUIÑONES** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 5 S-2024 ng Sangguniang Kabataan Camachilihan, Bustos, Bulacan na nauukol sa *Annual Barangay Youth Investment Program* para sa taong 2025 na nagkakahalaga ng Isang Milyon, Dalawang Daan Limampu't Anim na Libo at Dalawang Daang Piso (₱1,256,200.00).

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-24 ng Marso taong Dalawang Libo at Dalawampu't Lima sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

| | |
|---|---|
| **Marie Niña Nikkie Perez, MA**<br>Kasangguni | **Leo T. Santos**<br>Kasangguni |
| **Phillip Wryner B. Santos**<br>Kasangguni | **Juliet DJ. Dela Cruz**<br>Kasangguni |
| **Aljhaneal E. Quiñones**<br>Kasangguni | **Soliman C. Santos**<br>Kasangguni |
| **Wilfredo G. Canoza**<br>Kasangguni | **John Erick L. Perez**<br>Kasangguni |
| **Raymond R. Perez**<br>ABC Vice President | **Mel Ryan P. Juan**<br>SK President |

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles, MMPA**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

---

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-24 ng Marso taong Dalawang Libo at Dalawampu't Lima.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim